**Kabataang Mapaglingkod na Tagapamuno**

## I. AKING PAMAMARAAN vs PAMAMARAAN NI JESUS

Maraming kabataan sa panahon ngayon ay kapansin-pansin ang pagiging active, vocal at opinionated kapag usapang politika. Makikita ang pakikibahagi nila sa mga rally or isinusulong na movement ng kanilang sinusuportahan na political figure or organization. Sila ay active sa kalye at iba't-ibang uri ng social media platform kung saan naipapakita at naipaparating nila ang kanilang mga paniniwala at opinion patungkol sa mga bagay-bagay. Marami na rin ang nag-e-engage sa field na ito gaya na lang ng SK dahil sa naisin nilang maging leader at mag-provide ng pagbabago sa kanilang kapaligiran.

Ang salitang leadership o pamumuno/pangunguna ay ang pagkilos ng pamumuno sa isang grupo ng mga tao o isang organisasyon. Ang leadership style ng bawat tao ay nagmumula sa prinsipyo na tinuturo ng kinikilingan at tinitingala nilang leader. Sa series ng araling ito, matututuhan mo ang paraan ng pamumuno na ayon sa turo at halimbawa na pinakita ni Jesu Cristo. Ito ay ang pangunguna sa pamamagitan ng paglilingkod.

**Time Out**

Ano ang kahulugan ng salitang *leadership*?

______________________________________________

______________________________________________

Sino ang iyong tinitingalang leader? Bakit?

______________________________________________

______________________________________________

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Marcos 10:42-45**

Kaya't pinalapit sila ni Jesus at sinabi, "Alam ninyo na ang mga itinuturing na pinuno ng mga Hentil ay namumuno bilang mga panginoon sa kanila, at ang kagustuhan ng mga nasa kapangyarihan ang siyang nasusunod. Ngunit hindi ganyan ang dapat umiral sa inyo. Sa halip, ang sinuman sa inyo na nais maging dakila ay dapat maging lingkod ninyo, at ang sinumang nais maging pinuno ay dapat maging alipin ng lahat. Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami."

*And Jesus called them to him and said to them, "You know that those who are considered rulers of the Gentiles lord it over them, and their great ones exercise authority over them. But it shall not be so among you. But whoever would be great among you must be your servant, and whoever would be first among you must be slave of all. For even the Son of Man came not to be served but to serve, and to give his life as a ransom for many."*

**1 Pedro 5:3**

Hindi bilang panginoon ng inyong nasasakupan, kundi maging halimbawa kayo sa kawan.

*Not domineering over those in your charge, but being examples to the flock.*

**Filipos 2:3-4**

Huwag kayong gumawa ng anuman dahil sa pansariling layunin o pagyayabang; sa halip, bilang tanda ng pagpapakumbaba, ituring ninyong higit ang iba kaysa inyong mga sarili. Pagmalasakitan ninyo ang kapakanan ng iba, at hindi lamang ang sa inyong sarili.

*Do nothing from selfish ambition or conceit, but in humility count others more significant than yourselves. Let each of you look not only to his own interests, but also to the interests of others.*

**Marcos 9:35**

Naupo si Jesus, tinawag ang labindalawa at sinabi sa kanila, "Ang sinumang nagnanais maging una ay dapat maging huli sa lahat, at maging lingkod ng lahat."

*And he sat down and called the twelve. And he said to them, "If anyone would be first, he must be last of all and servant of all."*

1. Anong dalawang uri ng tagapamuno ang matatagpuan sa Marcos 10:42-45?

   ______________________________________________

2. Anong uri ng tagapamuno ang matatagpuan sa 1 Pedro 5:3?

   ______________________________________________

3. Anong mga katangian ang makikita mo sa Filipos 2:3-4 na dapat mayroon ang isang tao?

   ______________________________________________

4. Anong prinsipyo ng pamumuno ang tinuturo sa Marcos 9:35?

   ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang mapaglingkod na pamumuno ay ang pangunguna sa paglilingkod. Ito ay pangunguna o pamumuno na kahalintulad sa pagpapastol ng tupa.

Ang iyong nabasa sa Marcos 10:42-45 ang pinakabatayang prinsipyo ng tunay na makadiyos na pamumuno: **ANG MANGUNA AY ANG MAGLINGKOD**. Dito maraming naguguluhan – ang pagkilala sa secular leadership at sa pamumunong ayon sa turo ni Cristo.

Ano sa iyong palagay ang pagkakaiba ng secular leadership at servant leadership na tinuturo ni Cristo?

Makikita at laganap sa iba't-ibang grupo sa society (politika, organizations, work place, school at tahanan) ang pagiging dominante, makasarili o self-serving na uri ng pamumuno. Lahat ito ay kabaligtaran ng turo ni Jesu Cristo.

Bilang isang leader, hindi pinapractice ang pamamaraan na nabanggit at hindi mo rin hahangarin ang ikaw ay maging sikat. Sa halip, sa iyong pagiging leader ay makikita nila ang Diyos sa iyong iyong buhay sa pamamagitan ng iyong pagsasalita, pag-uugali at pagkilos. Gaya ng nabanggit sa 1 Pedro 5:3, leading by example. Nang sa ganoon, ang pangalan ng Diyos ang naitataas at ito ang hangarin ng iyong puso.

Ipagpalagay mo na ikaw ay isang leader, ano ang maaaring maging motivation mo sa iyong pangunguna?

Lahat ng tao ay may pinangungunahang tao. Maaring ikaw ang panganay sa inyong magkakapatid o magpipinsan, isang group sa school, class or student body president, ikaw ay isang leader. Ang pagiging leader ay hindi biro, maraming responsibilidad ang napapaloob dito. Ngunit ang pangununa sa pamamagitan ng paglilingkod ay magiging paraan din upang makilala ng ibang tao ang Panginoong Jesus dahil sa katayuan mo.

Ang tanong ay, kaninong paraan ng pamumuno ang iyong isasakatuparan?

**PAGBULAY-BULAYAN:**

1. Sa anong pagkakataon ka ginagamit ng Diyos upang maging leader?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Anong mga katangian sa iyong palagay ang dapat mayroon ka bilang isang servant leader?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | ang pagiging servant leader ay: |

**Verse of the Day:**

Naupo si Jesus, tinawag ang labindalawa at sinabi sa kanila, "Ang sinumang nagnanais maging una ay dapat maging huli sa lahat, at maging lingkod ng lahat." **Marcos 9:35**